



Proseso sa Pagreklamo

Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa iyong pakikipag-ugnayan sa Credit Corp, iminumungkahi naming ipagbigay-alam agad at sumangguni sa supervisor ng iyong Customer Relationship Manager.

Kung sakaling hindi pa rin naresolba ang iyong reklamo, maaari kang kumonsulta sa aming Customer Care team gamit ang mga sumusunod:

- Tumawag sa 1300 768 621
- Kumpletuhin at isumite ang form sa taas ng pahinang ito
- Mag-email sa customercare@creditcorp.com.au
- Sumulat sa amin:
Credit Corp
Customer Care
GPO Box 4475
Sydney, NSW, 2001
- I-fax ang reklamo sa 1300 483 926

Sa loob ng isang araw, ikaw ay makakatanggap ng abiso mula sa amin na nagsasabing ang iyong reklamo ay aming natanggap.

Ang iyong reklamo ay iimbestigahan at tutugunan ng isa sa aming Customer Care Officer at ikaw ay makakatanggap ng sulat tungkol dito.

Kung ikaw ay mayroong katanungan o hindi sang-ayon sa aming tugon, o kaya naman ay may ibang hiling, huwag mag alinlangan na tumawag sa aming Customer Care Team sa 1300 768 621. Ang aming opisina ay bukas tuwing 8:30am - 5pm, oras ng Sydney at sarado naman kapag national Australian public holidays.

Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa kinalabasan ng iyong hinaing sa aming Customer Care team, maaari kang makipag-ugnayan sa external dispute resolution scheme, ang Australian Financial Complaints Authority (AFCA) para sa libreng serbisyo ng pagresolba sa iyong reklamo.

Ang AFCA ay nagbibigay serbisyo at tumutulong sa pagresolba ng mga reklamo ng libre at walang bayad.

Maaaring makipag-ugnayan sa AFCA sa pamamagitan ng pagtawag sa 1300 56 55 62, o magtungo sa website ng AFCA (www.afca.org.au) o kaya ay sumulat sa: AFCA, GPO Box 3, Melbourne VIC 3001